# PIVOT 4A
# LEARNER'S MATERIAL

## ARALING PANLIPUNAN
## GRADE 6




## QUARTER 3
Key Stage 2 SLM

MELC-based SLM
DepEd CALABARZON
Curriculum and Learning Management Division

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
Hindi Ipinagbibili

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

**PIVOT 4A Learner's Material**
**Ikatlong Markahan**
**Unang Edisyon, 2021**

# Araling Panlipunan
# Ikaanim na Baitang

Job S. Zape, Jr.
**PIVOT 4A SLMs Development Lead**

Jean L. Danga, Lhen Claudes F. San Juan,
Jean San Juan, Richilo L. Laceda & Anna Liza P. Torres
**Content Creators & Writers**

Emelia P. Crescini & August M. Jamora
**Internal Reviewer & Editor**

Ricardo P. Makabenta
**Language Editor**

Romdel F. Partoza
**Layout Artist & Illustrator**

Jeweel L. Cabriga & Melanie Mae N. Moreno
**Graphic Artist & Cover Designer**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

**Para sa Tagapagpadaloy**

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **Araling Panlipunan**. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naaayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

Salamat sa iyo!

**Para sa Mag-aaral**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o tagapag-alaga, o sinumang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

# Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

| | K to 12 Learning Delivery Process | Nilalaman |
|---|---|---|
| **Panimula (Introduction)** | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| **Pagpapaunlad (Development)** | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| **Pakikipagpalihan (Engagement)** | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| **Paglalapat (Assimilation)** | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dati ng natutuhan. |

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

WEEK 1

# Ang Mga Pangunahing Suliranin at Hamong Kinaharap ng mga Pilipino Mula 1946 Hanggang 1972

Aralin

# I

Sa araling ito, inaasahang matatalakay mo ang mga suliraning pangkabuhayan pagkatapos ng digmaan at ang naging pagtugon sa mga suliranin, masusuri ang mga pangunahing suliranin at hamon sa kasarin-lan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at mapahahalagahan ang mga pagsisikap ng mga Pilipino para sa kasarinlan matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

### Mga Suliraning Pangkabuhayan Pagkatapos ng Digmaan at Naging Pagtugon sa mga Suliranin mula 1946-1972

**Manuel Roxas (1946-1948)**



Si Manuel Roxas ang nagsimulang magtayo ng ekonomiya ng isang bansang winasak ng digmaan. Ipinatupad niya ang ibang pangunahing mga prayoridad ng kanyang administrasyon gaya ng: industriyalisasyon ng Pilipinas, pagpapatagal ng malapit na kooperasyon at ispesyal na relasyon sa Estados Unidos, pagpapanatili ng batas at kaayusan at pagpasa sa Kongreso ng batas na magbibigay sa mga magsasaka ng 70% ng kabuoang kinitang ani.

**Elpidio Quirino ( 1948-1953)**



Sa kaniyang administrasyon pinakamalaki niyang pinagtuunan ng pansin ang pagpapatuloy ng pagbabago at rehabilitasyon ng ekonomiya at pagpapanumbalik ng tiwa-la at kooperasyon ng marami sa pamahalaan. Kinaharap ng kaniyang administrasyon ang isang malubhang banta ng kilusang komunistang HUKBALAHAP (Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon) isang pulang komunista. Pinasimulan niya ang kampanya laban sa mga Huk, at bilang pangulo nagawa niya ang mga sumusunod: ang paglikha ng PACSA (President's Action Committee on Social Amelioration), na layuning tulungan sa pagbagsak ng ekonomiya, pangalawa ay ang paglikha ng ACCFA (Agricultural Credit Cooperative Financing Administration) para tulungan ang magsasaka na magamit ang pautang na may mababang interes mula sa pamahalaan. At ang panghuli ay ang pagtatayo ng mga bangkong rural at Labor Management Advisory Board, isang pampangulong lupong tagapayo.

**Ramon Magsaysay (1953- 1957)**



Siya ay tinaguriang "Tagapagligtas ng Demokrasya" dahil iniligtas niya ang demokrasya sa Pilipinas sa kaniyang administrasyon. Ilan sa kaniyang mga nakamit ay ang sumusunod: ang pagpapabuti ng pamantayan ng pamumuhay sa pamamagitan ng paggawa ng mga sistemang patubig, tulay, balon, at kalsada; pagsasakatuparan ng paggamit ng Barong Tagalog, pagtatatag ng SEATO (Southeast Asia Treaty Organization) isang panrehiyon na politico-militar na agregasyon at negosasyon sa Hapon ukol sa kasunduan ng bayad pinsala sa digmaan.

**Carlos Garcia (1957- 1961)**



Sa kaniyang administrasyon tinutukan niya ang sumusunod: ang pagpapatupad ng patakarang "Pilipino Muna" (First Filipino Policy) para magtaguyod at maprotektahan ang produktong Pilipino; ang pagpapalaganap ng kulturang Pilipino sa pamamagitan ng mabuting pakikisama ng Bayanihan Dance Troupe sa ibang bansa; pagrespeto sa karapatang pantao at pagpapanatili ng malayang halalan; ang paggawa ng Komisyong Sentenaryo ni Dr. Jose Rizal at ang pagtaguyod ng pandaigdigang kapayapaan at pagkakasundo sa pamamagitan ng opisyal na mga pagbisita.

**Diosdado Macapagal (1961-1965)**



Ipinangako ni Pangulong Macapagal ang "Bagong Panahon" sa bansang Pilipinas sa pamamagitan ng sumusunod: paggamit ng Pambansang Wika sa mga pasaporte, selyo, palatandaan ng trapiko, pangalan ng mga bagyo, diplomang pampaaralan, at iba pang mga katibayang diplomatiko; paglipat ng Araw ng Kalayaan ng Pilipinas sa Hunyo 12 mula Hulyo 4; paghahain ng opisyal na pag-aari ng Pilipinas sa Sabah noong Hulyo 22, 1962; pagkakalikha ng samahag MAPILINDO (Malaysia, Pilipinas, Indonesia) na isang pagkakaisang pang-ekonomiya at ang pagpasa sa kongreso ng Agricultural Land Reform Code noong 1963.

**Ferdinand Marcos (1965-1986)**



Sa kaniyang paglilingkod bilang pangulo sa unang termino, nakapagpagawa siya ng mga kalsada, tulay, paaralan, gusali ng pamahalaan, sistemang patubig at marami sa mga ito ay nananatiling nakatayo pa sa kasalukuyan. Dagdag pa rito ang pinansyal at teknikal na pagtulong sa mga magsasaka, ang epektibong pangongolekta ng buwis, ang malawakang pagtataboy sa mga mamumuslit at ang matagumpay na pagdaos ng Manila Summit Conference noong Oktubre 24-25 na dinaluhan ng maraming pinuno ng estado. Ngunit sa kabila ng kaniyang magandang unang termino, dumanas ng malubhang krisis na pang-ekonomiya ang Pilipinas dahil na rin sa pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan. Ito ang naging sanhi upang tumaas ang presyo ng pangunahing bilihin at maraming Pilipino ang nawalan ng trabaho. Ang floating peso ay patuloy na bumaba laban sa dolyar. Ang kaniyang pangalawang hakbang na makakapagpabago ng lahat. Para kay Marcos, ang tanging paraan para manumbalik ang tiwala ng marami sa pamahalaan ay ang pagdedeklara ng Batas Militar. Si Marcos ay nagpahayag ng Proklamasyon Blg. 1081 o Batas Militar noong Setyembre 21, 1972.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Suriin ang bawat pahayag. Isulat ang **Tama** sa patlang kung ito ay nagsasaad ng katotohanan at **Mali** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_____1. Ang pagpapatupad ng patakarang "Filipino Muna" (First Filipino Policy) ang isa sa mga pangunahing prayoridad ng administrasyong Roxas

_____2. Si Elpidio Qurino ang nagpahayag ng Proklamasyon Bilang 1081.

_____3. Naitatag ang SEATO o Southeast Asia Treaty Organization sa panunungkulan ni Ramon Magsaysay

_____4. Sa pamamahala ni Diosdado Macapagal nangyari ang paglipat ng Araw ng Kalayaan sa Hunyo 12 mula Hulyo 4.

_____5. Ipinatupad ni Carlos Garcia ang pagrespeto sa karapatang pantao at pagpapanatili ng malayang halalan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gamit ang **timeline,** talakayin ang mga naging pagtugon ng pamahalaan na pinamahalaan ng mga pangulo mula 1946- 1972. Gawin ito sa iyong sagutang papel.




# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Talakayin ang mga suliranin at ang ginawang hakbang ng pamahalaan upang matugunan ang mga suliraning sa pamamagitan ng **Fishbone Organizer**. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gumawa ng islogan sa isang long bond paper tungkol sa mga suliranin at hamon sa kasarinlan at naging tugon pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Suriin muli ang tekstong binasa. Sumulat ng reaksyon sa mga sulirain at hamon na kinaharap ng mga Pilipino at naging pagtugon dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Basahin:** Para kay Marcos, ang tanging paraan para manumbalik ang tiwala ng marami sa pamahalaan ay ang pagdedeklara ng Batas Militar.

**Reaksyon**:______________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________.

**Basahin**: "Pilipino Muna" (First Filipino Policy) para maitaguyod at maprotektahan ang produktong Pilipino.

**Reaksyon**:______________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________.

# A

Punan ang mga pangungusap ng mga natutuhan sa aralin.

Natutunan ko ang mga suliranin at hamon sa mga Pilipino, gayundin ang naging tugon ng pamahalaan dito kaya bilang mag-aaal, ______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

# Pangunahing Suliranin at Hamon sa Kasarinlan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

I

Aralin

Sa araling ito, iyong matututuhan ang mga pangunahing suliranin at hamon sa kasarinlan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Bilang mag- aaral, inaasahang maiisa-isa mo ang mga pangunahing suliranin at hamon sa kasarinlan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, matatalakay ang mga suliraning pangkabuhayan pagkatapos ng digmaan, at masusuri ang mga pangunahing suliranin at hamon sa kasarinlan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

## Mga Suliraning ng Republika

### Pagbagsak ng Ekonomiya

Malaking pinsala ang idinulot ng digmaan sa bansa. Libo-libong buhay ang nawala at maraming ari-arian ang nasira, kasama na rito ang mga hayop na katulong sa pagsasaka, industriya, pabrika at bahay-kalakal. Lumaganap ang kahirapan dahil sa kawalan ng hanapbuhay ng mamamayan. Hindi magamit ang mga pasilidad sa transportasyon tulad ng mga lansangan, tulay, at sasakyang pandagat at panghimpapawid. Nasira rin ang mga patubig at sakahan. Bunga nito, humina ang produksyon ng bansa at nagkulang sa pagkain. Napabayaan ang pagluluwas ng mga produkto na nagbunga ng kakapusan sa pananalapi ng pamahalaan.

Malaking suliranin ng pamahalaan ang muling pagpapaunlad ng kabuhayan. Pinatatag nito ang agrikultura, kalakalan, at industriya bilang unang hakbang sa pagbangon ng ekonomiya. Inuna ang pagpapagawa at pagkukumpuni ng mga lansangan at tulay sa mga proyektong pang-imprastraktura. Lumikha rin ng mga hanapbuhay ang pamahalaan upang magkaroon ng pagkakakitaan ang mga tao.

### Kapayapaan at Kaayusan

Suliranin din ang kapayapaan at kaayusan sa bansa pagkatapos ng digmaan. Lumaganap ang nakawan at hold-up sa mga lungsod, bayan, at maging sa mga lalawigan dahil sa kakulangan ng mga trabahong maaaring pasukan at pagkakakitaan. Dahil dito, nanganib ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan sa masasamang elemento ng lipunan.

Higit na nagpalubha sa kalagayan ng bansa ang suliranin sa pagsasaka. Nagpatuloy ang kawalan ng gana ng mga magsasaka laban sa mga haciendero. Marami sa mga ito ang naging Huk o kasapi ng Hukbo ng

mga haciendero. Marami sa mga ito ang naging Huk o kasapi ng Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon o Hukbalahap.

Nagsimula ang Hukbalahap bilang samahang gerilya noong panahon ng mga Hapones. Pagkatapos ng digmaan, tumanggi ang mga Hukbalahap na isuko ang kanilang mga sandata nang hindi ipagkaloob ng pamahalaan ang kanilang kahilingan sa repormang pansakahan.

Komunismo-sosyalismo ang ideolohiya ng mga Huk. Layunin nila na pabagsakin ang pamahalaan. Lumaban sila sa pamahalaan at inakit ang mga hindi nasisiyahang magsasaka na umanib sa kanila. Maraming magsasaka ang sumali, lalo na sa Gitnang Luzon, na naging sentro ng pakikibaka ng samahan.

**Suliraning Panlipunan**

Matinding hirap at pagdurusa ang naging epekto ng digmaan. Kapos sa pagkain ang mamamayan, lalo na sa mga lugar na sentro ng labanan. Nanirahan ang marami sa dikit-dikit at sira-sirang mga bahay at gusali. *Buy-and-sell* ng anumang bagay ang naging pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan sa panahong ito. Dahil sa kakulangan ng paninda at salapi, tumaas ang halaga ng mga bilihin.

Dahil sa kawalan ng katiyakan sa buhay, nalimot ng marami ang kagandahang asal at pamantayang moral ng lipunan. Nawalan ng tiwala ang mga tao sa isa't isa. Lumaganap ang katiwalian. Ginamit ng mga opisyal ng pamahalaan ang kanilang kapangyarihan sa pagpapayaman at nagkaroon ng pandaraya at suhulan sa pamahalaan.

**Kakapusan ng Pananalapi**

Pagkatapos ng digmaan, dumanas ng krisis sa pananalapi ang pamahalaan. Kakaunti lamang ang natirang salapi sa kaban ng bayan. Nahirapang makalikom ng buwis ang pamahalaan sapagkat walang hanapbuhay ang karamihan sa mamamayan. Natigil din ang pakikipagkalakalan sa ibang bansa dahil nahinto ang produksiyon ng mga pangunahing produkto tulad ng palay, asukal, at niyog.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Punan ang tsart sa ibaba. Maaaring magtanong sa lolo at lola o ibang kasapi ng mag-anak. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| **Kasama sa bahay** | **Suliranin pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig** |
|---|---|
| Lolo | |
| Lola | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Tingnan ang mga letra sa loob ng kahon. Hanapin ang mga pangunahing suliranin at hamon na kinaharap ng mga Pilipino sa Loop-a-Word. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. (5 SALITA)

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | A | H | A | N | A | P | B | U | H | A | Y |
| A | M | A | H | A | L | A | W | E | A | T | O |
| T | A | G | U | M | P | N | A | M | R | I | R |
| I | N | I | N | U | N | L | S | T | A | W | A |
| W | O | T | B | B | Y | I | A | I | N | A | S |
| A | P | G | A | Y | T | P | L | W | A | L | G |
| L | O | S | I | G | U | U | U | A | S | A | T |
| I | I | I | T | H | N | N | K | L | W | M | Y |
| A | K | A | P | A | Y | A | P | A | A | N | O |
| N | A | H | A | K | O | N | A | I | T | K | W |
| S | P | A | N | A | N | A | L | A | P | 1 | P |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Suriin ang mga pangungusap na nagsasaad ng mga suliranin at hamon na kinaharap ng mga Pilipino. Isulat ang **T** kung tama ang pahayag at **M** naman kung mali sa iyong sagutang papel.

__________1. Tumaas ang halaga ng mga bilihin dahil sa kakulangan ng paninda at salapi.

__________2. Naging maayos ang ekonomiya, maraming hanapbuhay ang nagbukas para sa mga tao.

__________3. Lumaganap ang nakawan dahil sa kakulangan ng pagkakakitaan.

__________4. *Buy-and-sell* ang naging pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

__________5. Naging madali sa pamahalaan ang makalikom ng buwis sapagkat maraming mamamayan ang may hanapbuhay.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Piliin ang naging mga pangunahing suliranin at hamon sa kasarinlan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| a. Pagbagsak ng Ekonomiya | b. Suliranin sa Kapayapaan at Kaayusan |
| c. Suliraning Panlipunan | d. Kakapusan ng Pananalapi |

_________1. Ginamit ng mga opisyal ng pamahalaan ang kanilang kapangyarihan na magpayaman.
_________2. Humina ng produksiyon at nagkaroon ng kakulangan sa pagkain.
_________3. Maraming magsasaka ang sumanib sa Hukbalahap dahil sa kawalan nila ng gana sa mga mayayamang haciendero.
_________4. Nahirapan ang pamahalaan na makalikom ng buwis sapagkat maraming mamamayan ang walang hanapbuhay.
_________5. Marami ang nakalimot ng kagandahang asal at pamantayang moral sa lipunan dahil sa walang katiyakan sa buhay.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Itala ang mga naging epekto ng mga suliranin at hamon ng pamahalaan pagkatapos ng Ikalawang Digmaan Pandaigdig sa mamamayan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



# A

Kompletuhin ang talata sa ibaba ng mga pangungusap ng natutuhan sa aralin.

Napag-aralan at natutunan ko ang mga suliranin at hamon na kinaharap ng mga Pilipino kaya bilang mag-aaral

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

_______________________________________________________________.

WEEK

4-5

# Pagtugon ng mga Pilipino sa Patuloy na mga Suliranin, Isyu at Hamon ng Kasarinlan sa Kasalukuyan

Aralin

## I

Sa araling ito ay makapagbibigay ka ng iyong sariling pananaw tungkol sa mga pagtugon ng mga Pilipino sa patuloy na mga suliranin, isyu at hamon ng kasarinlan sa kasalukuyan.

Bilang isang mag -aaral, inaasahang maibibigay mo ang iyong sariling pananaw tungkol sa pagtugon sa mga suliranin, isyu at hamon sa kasalukuyan, maiuugnay ang mga suliranin, isyu at hamon ng kasarinlan noong panahon ng Ikatlong Republika sa kasalukuyan na nakahahadlang sa pag-unlad ng bansa at mapahahalagahan ang mga pagtugon ng mga Pilipino sa patuloy na mga suliranin, isyu at hamon ng kasarinlan sa kasalukuyan.

### Mga Pagtugon na Isinagawa upang Mapabuti ang Kalagayan ng Bansa

Sadyang nagdulot nang malaking kapinsalaan ang nagdaang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa bansa. Bunga nito ay napakaraming suliranin ang kinaharap ng Ikatlong Republika. Higit na naapektuhan ang kalagayang pangkabuhayan nito.

Paano kaya hinarap ng mga Pilipino ang mga suliraning ito? Paano tinanggap ng mga nahalal na pinuno ng bayan ang hamong kanilang hinarap upang mapatatag at maisaayos ang kabuhayan ng bansa?

Ang pamahalaan ng Ikatlong Republika ay tumagal ng dalawampu't limang taon. Ito ay pinamahalaan ng anim na pangulong nagsumikap na masolusyunan ang mga suliraning pangkabuhayang kinaharap ng bansa. Bawat isang pangulo ay nagsagawa at naglunsad ng mga programa at patakaran para sa ekonomiya. Narito ang ilang mahahalagang hakbang na isinagawa ng republika upang mapabuti at maisaayos ang kalagayan ng pamumuhay ng mga tao.

**Nasyonalisasyon ng Tingiang Pangangalakal**

Upang mapigilan ang pamamayani ng mga dayuhan sa pagpapatakbo ng komersyo at kabuhayan ng bansa ay isinagawa ang isang batas. Pinagtibay ng Kongreso ang batas hinggil sa nasyonalisasyon ng tingiang pangangalakal *(Retail Trade)*. Ito ay nagtatadhana na ang makapangangalakal lamang nang tingian ay ang mga korporasyon o samahang ganap na Pilipino.

**Pagpapabuti ng Sistema ng Edukasyon**

Sa pamamagitan din ng edukasyon ay sinikap ng pamahalaan na linangin sa mga kabataang Pilipino ang damdaming nasyonalismo at pawiin ang kaisipang kolonyal nang sa gayon ay makita nila na sila ang dapat na maging panginoon sa sariling bayan. Nagtayo rin ng mga paaralang pampamayanan o community schools ang pamahalaan. Sa mga paaralang ito, itinuro ang mga pag-aaral na bokasyonal, depende sa uri ng komunidad na kinabibilangan ng mga mamamayan. Sa pamamagitan nito ay lubos na napaunlad ang pamumuhay ng mga tao partikular na iyong mga nasa rural na pook o probinsya.

**Pagpapataas ng Produksyon at Pagsasaka**

Upang mapaunlad ang kalagayan ng mga magsasaka ay bumuo ang pamahalaan ng mga reporma sa lupa. Sa pamamagitan ng Kodigo sa Reporma sa Lupa (Land Reform Code) na inilunsad ni Pangulong Macapagal, ay napahalagahan at napangalagaan ang karangalan ng maliliit na magsasaka at nailigtas sila sa masasamang kinagawiang pinaiiral sa mga sakahan. Gayundin, lumikha ang pamahalaan ng pagkakataon sa mga lupang sakahang makapagbigay ng lalong malaking kita at lalong malaking produksyon sa pamamagitan ng pagpapabuti ng irigasyon at paggamit ng makabagong paraan ng pagsasaka. Kaya sinasabing sa huling bahagi ng dekada 60, ang Pilipinas ay pumapangalawa na sa bansang Hapon sa pangkaunlarang kalagayan ng ekonomiya.

**Pagpapabuti sa Sistema ng Pananalapi ng Bansa**

Upang matiyak ang pagsulong ng ekonomiya at ang katatagang pananalapi ng bansa ay itinatag noong Enero 3, 1949, ang Bangko Sentral ng Pilipinas. Ito ay kinikilalang charter ng ekonomiya ng bansa na nagpapanatili ng katatagang halaga ng piso. Upang maisagawa ang bagay na ito, ang Bangko Sentral ng Pilipinas ay pinagkalooban ng kapangyarihang panatilihin ang pandaigdigang halaga ng piso at ang katumbas na halaga nito kontra sa pera ng ibang bansa. Sa pangkalahatan, ito ay tumatayong tagapayo ng pamahalaan pagdating sa mga usaping pinansyal ng bansa.

**Ang Patakarang Pilipino Muna**

Isa sa pinakatanyag na programang inilunsad ng pamahalaan upang mapaunlad ang kabuhayan ng bansa ay ang patakarang Pilipino Muna. Ito ay ipinatupad ni Pangulong Garcia sa bisa ng Resolusyon Blg. 204 noong Agosto 21, 1958. Ang patakarang ito ang nagbigay ng karapatan sa mga Pilipinong magbukas ng mga kalakal bago ang mga dayuhan.

Dahil dito, isa sa mga programang ipinatupad sa bansa ay ang ganap na pagsasarili ng Pilipinas sa larangan ng kabuhayan sa pamamagitan ng pagpapairal ng patakarang Pilipino Muna na ang ibig sabihin ay kailangang tangkilikin muna at paunlarin ang mga industriya at kabuhayang Pilipino bago ang ibang mga bansa.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Hanapin sa ibaba ang mga naging pagtugon ng mga Pilipino sa patuloy na suliranin, isyu at hamon ng kasarinlan. Bilugan ang bawat sagot na mahahanap mo at ibigay mo ang iyong sariling pananaw tungkol dito. Gawin ito sa sagutang papel.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | L | A | G | A | I | N | A | A | M | A | A | B | A | O |
| N | A | S | Y | O | N | A | L | I | S | A | S | Y | O | N |
| O | C | D | G | H | H | O | P | E | R | A | A | S | E | A |
| Y | T | Y | U | I | O | P | Q | W | E | R | A | S | D | D |
| S | D | F | G | H | J | K | L | Z | X | C | V | B | U | N |
| K | M | N | B | V | C | X | Z | A | S | D | F | G | K | H |
| U | E | P | A | G | S | A | S | A | K | A | R | O | A | O |
| D | A | S | D | F | G | H | J | K | L | L | Q | W | S | R |
| O | Z | X | C | V | B | N | M | H | G | D | S | A | Y | A |
| R | G | H | J | K | K | K | U | I | S | A | A | S | O | S |
| P | I | L | I | P | I | N | O | M | U | N | A | H | N | S |
| P | A | N | A | N | A | L | A | P | I | H | U | I | K | S |

1. ________________ - ______________________________________________
2. ________________ - ______________________________________________
3. ________________ - ______________________________________________
4. ________________ - ______________________________________________
5. ________________ - ______________________________________________

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Magbigay ng mga pananaw tungkol sa mga naging tugon ng pamahalaan sa kasalukuyang suliranin at hamon ng kasarinlan na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

a. Covid 19
b. Pagsugpo sa paglaganap ng droga
c. Pagbagsak ng ekonomiya
d. Pagpapabuti sa Sistema ng Pananalapi
e. Pagpapabuti ng Sistema ng Edukasyon

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gumawa ng **collage** gamit ang mga larawan na nagpapakita ng mga kinahaharap na suliranin ng ating bansa sa kasalukuyan. Ipaliwanag ang mga ginawang pagtugon ng mga Pilipino o pamahalaan tungkol dito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sa tulong ng **graphic organizer** na matatagpuan sa ibaba, itala dito ang mga suliraning kinakaharap ng ating bansa noong panahon ng Ikatlong Republika at sa kasalukuyan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




Ikatlong Republika




Kasalukuyan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Isulat ang pagkakaiba at pagkakapareho ng suliranin, isyu at hamon ng kasarinlan noong panahon ng Ikatlong Republika at sa kasalukuyan gamit ang **Venn Diagram**. Gawin ito sa sagutang papel




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Gumawa ng isang Slogan sa iyong sagutang papel tungkol sa mga hadlang sa pag-unlad ng bansa na kailangan nating labanan sa kasalukuyan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sumulat ng mga pangungusap at iugnay ang bawat suliranin, isyu at hamon noong Ikatlong Republika sa kasalukuyan na nakahahadlang sa pag-unlad ng bansa. Gawin ito sa sagutang papel.

1.Pandemya (sakit) - ______________________________________

2. Kawalan ng trabaho - ______________________________________

3. Kaguluhan - ______________________________________

4. Pambansang badyet (pananalapi) ______________________________________

5. Mga Programa at Patakaran ng Pangulo ______________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sumulat ng isang payak na talata na nagpapakita ng iyong pagpapahalaga sa mga ginawang pagtugon ng mga Pilipino sa mga suliranin at hamon ng kasarinlan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

## A

Punan ang mga pangungusap ng mga natutuhan sa aralin.

Bilang isang mag-aaral makakatulong ako sa pagtugon sa mga suliranin, isyu at hamon ng kasarinlan sa kasalukuyan sa pamamagitan ng _____

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

WEEK 6

# Programang ipinatupad ng Iba't Ibang Administrasyon mula 1946 Hanggang 1972

Aralin

**I**

Sa araling ito ay malalaman mo ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.

Bilang isang mag-aaral, inaasahang matutukoy mo ang mga nagawa ng iba't ibang administrasyon upang matugunan ang mga suliranin at hamong kinaharap ng Pilipinas mula taong 1946 hanggang 1972, masusuri ang mga programa at patakaran na ipinatupad ng mga pangulo noong Ikatlong Republika, at mapapahalagahan ang mga programa at patakarang ipinatupad ng mga pangulo.

Ang pamamahala ng Ikatlong Republika ay nagsimula noong 1946 at nagtapos ng 1986. Sa loob ng apat na dekada ng paghahari ng Ikatlong Republika, ang bansa ay pinamahalaan ng anim na pangulo kung saan ang bawat isa ay nagsagawa ng iba't ibang patakaran at programa para sa higit na ikauunlad at ikabubuti ng bansa.

| Pangulo at taon ng Panunungkulan | Mga Programa at Patakaran | Mga Nagawa |
|---|---|---|
| 1. Manuel A. Roxas (Abril 23, 1946 –Abril 15, 1948)<br> | • Nagsimula pa lamang siyang ibangon ang Pilipinas sa labi ng digmaan.<br>• Pagsasaayos ng elektripikasyon<br>• Pagsasanay sa mga gawaing bokasyona<br>• Pagtatatag ng mga kaluwagan sa pagpapautang<br>• Paghihikayat sa mga kapitalistang Amerikanong mamumuhunan sa Pilipinas | • Itinatag ang Rehabilitation Finance Corporation (RPC)<br>• Pagtatatag ng Bangko Sentral<br>• Paglagda ng R.A. Blg. 34 kaugnay ng partihan ng ani sa lupang sakahan. |

| | | |
|---|---|---|
| | • Pagpapasiyasat sa mga likas na kayamanan ng bansang humantong sa pagmumungkahing kailangang magtatag ng mga industriyang mangangalaga at lilinang sa mga likas na kayamanan ng Pilipinas.<br>Mga samahang itinatag upang magpautang at mangalaga sa kapakanan ng magsasaka gaya ng mga sumusunod:<br>1. NARIC-National Rice and Corn Corporation<br>2. NACOCO-National Coconut Corporation<br>3. NAFCO-National Abaca and Other Fibers Corporation<br>4. NTC-National Tobacco Corporation | |
| 1.Elpidio R. Quirino (Abril 17, 1948- Nobyembre 1953)<br> | Pinagtuunan niya ng pansin ang pagpapaunlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng industriyalisasyon.<br>Upang maisulong nang lubos ang kanyang programa hinggil sa pagpapataas ng antas ng buhay ng mga Pilipino ay ipinatupad niya rin ang mga sumusunod: | • Pagtatatag ng ACCPA<br>• Pagtatatag ng mga bangkong rural<br>• Pagtatatag ng mga bagong ahensya ng pamahalaan<br>• Pagtatapos ng Quirino-Fostner Agreement |

| | | |
|---|---|---|
| | • Pagpapaunlad sa sistema ng patubig o irigasyon sa buong bansa na kailangan sa pagsasaka.<br>• Pagpapagawa ng mga lansangan upang mapabilis ang kalakaran ng transportasyon partikular na ang *farm-to-market roads.*<br>• Pagsasagawa ng lingguhang pag-uulat sa taumbayan sa pamamagitan ng radyo at pahayagan ukol sa mga gawain ng kanyang administrasyon.<br>• Pagtatatag ng *President's Action Committee on Social Amelioration o PACSA upang matugunan ang pangangailangan ng mahihirap na mamamayan.*<br>• Pagpapatayo ng mga bangko rural na nagpapautang ng kapital sa mga magsasaka.<br>• Pagtatatag ng Banko Sentral ng Pilipinas | |

| | | |
|---|---|---|
| | • Pagpapalabas ng Magna Carta of Labor at Minimum Wage Law upang mapabuti ang kalagayan ng mga manggagawa.<br>• Lubos na mobilisasyong ng lahat ng mga posibleng pagkukunan upang maiangat ang bansa. | |
| 3. Ramon F. Magsaysay (Disyembre 30, 1953- Marso 17, 1957)  | • Pinagtibay ang Land Tenure Reform Law kung saan sa pamamagitan nito ay itinadhana ang paghahati-hati ng malalaking asyendang bibilhin ng pamahalaan upang maipamahagi nang hulugan sa mga kasama.<br>• Pagpapatayo ng mga poso, artesano at patubig upang mabilis ang pag-unlad ng mga baryo.<br>• Pagpapagawa ng mga daan at mga tulay upang mailapit ang baryo sa problasyon o kabayanan.<br>• Paglulunsad ng pananaliksik ukol sa makabagong sistema ng pagsasaka at bagong uri ng binhi tulad ng Masagana. | • Pagbabalik loob ng mga HUKBALAHAP<br>• Muling pagtitiwala ng tao sa pamahalaan<br>• Tumulong sa pagtatatag ng South East Asian Treaty Organization (SEATO)<br>• Paglikha ng hukumang lilitis sa mga suliraning pansakahan.<br>• Reporma sa lupa<br>• Itinatag ang NARRA<br>• Nilagdaan ang Laurel-Langley Agreement<br>• Paghiling ng titulo ng lupaing sakop ng base militar ng Estados Unidos |

| | | |
|---|---|---|
| | • Pagpapatayo ng ACCFA (Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration) upang matulungan ang mga magsasaka sa pagbili ng kanilang ani.<br>• Pagpapatayo ng FACOMA (Farmers Cooperative Marketing Association) kung saan ang mga kasapi nito ay makakautang sa ACCFA upang makabili ng kanilang sariling kalabaw sa pagsasaka at iba pang kagamitan.<br>• Pag-oorganisa ng mga kapulungan pambaryo, ng mga sanggunian sa pagsasaka, at ng mga samahang 4-H na may kinalaman sa pa-ghahalaman.<br>• Pagbabago ng estratehiya sa suliranin sa mga HUKBALAHAP<br>• Paglalapit ng pamahalaan sa "masa"<br>• Pagpaparamdam ng katapatan sa mga tao lalo na sa mga nayon. | |

| | | |
|---|---|---|
| 4. Carlos P. Garcia (Marso 17, 1957 - Disyembre 30, 1961)<br> | • Paglulunsad ng Austerity Program.<br>• Pagiging "una ng mga Pilipino" o *Filipino First Policy.*<br>• Dagdag na sipag, pag-unlad ng sarili<br>• Pagbabawas ng inaangkat na mga produkto | • Paghingi ng bayad sa paggamit ng base militar ng Estados Unidos<br>• Kontra sa HUKBALAHAP na patakaran<br>• Pagkuha ng bayad pinsala ng Hapon sa digmaan 550 milyon<br>• Nakapangutang ng $250 sa Hapon<br>• Paghirang kay Carlos P. Romulo bilang embahador sa Estados Unidos. |
| 5. Diosdado P. Macapagal (Disyembre 30, 1961 - Disyembre 30, 1965)<br> | • Paghahandog ng sarili bilang modelo sa katapatan sa paglilingkod<br>• Pagbuhay ng usapin tungkol sa Sabah<br>• Pagsasanay ng mga kabataan sa mga gawaing pangkabuhayan<br>• Paglutas sa mga suliraning may kaugnayan sa pagkawala ng hanapbuhay ng maraming Pilipino<br>• Pagtiyak na magkaroon ng sapat na pagkain ang buong bansa sa pamamagitan ng pagpapalaki ng produksyon. | • Pagpapasigla ng programa sa Reporma sa Lupa<br>• Pagbabago ng Araw ng Kalayaan buhat sa Hulyo 4 na naging Hunyo 12<br>• Pagtulong sa pagtatatag ng *Malaysia, Philippines, at Indonesia (MAPHILINDO)*<br>• Pagpapatibay ng Batas 3844 Kodigo ng Reporma sa lupang pansakahan |

| | | |
|---|---|---|
| | • Pag-akay sa mga Pilipino, sa pamamagitan ng kanyang pagiging huwaran sa pamumuhay ng payak at walang halong karangyaan. | |
| 5. Ferdinand E. Marcos (Disyembre 30, 1965 - Pebrero 25, 1986)<br> | • Rebolusyong Luntian Himagsikan o Green Revolution o paglaki ng produksyon ng bigas at mais dahil sa paggamit ng modernong paraan ng irigasyon at pagsasaka.<br>• Pagtatanim ng kahoy<br>• Pagtitipon ng pondo<br>• Pagpapabuti ng pagkolekta ng buwis<br>• Ang pagsisikap na maging "Dakilang muli ang Bansa"<br>• Pagbaba ng bilang ng kriminalidad<br>• Pagbaba ng katiwaliang nagaga-nap sa pamahalaan<br>• Pagpapalawak at higit na pagpapabuti ng programa sa reporma sa lupa.<br>• Pagpapalaganap ng mga paglilingkod pangkalusugan sa mga pook rural.<br>• Pagpapalawak ng pakikipag-ugnayang pandaigdigan ng Pilipinas. | • Pagtulong sa pagtatatag ng *Association of Southeast Asian Nation (ASEAN)*<br>• Pagpapasigla ng kilusang kooperatiba<br>• Pagpapagawa ng maraming kalsada, tulay at mga paaralan<br>• Pagpapatupad ng Reporma sa Lupa<br>• Paglikha ng mga bagong hanapbuhay<br>• Pag-utang sa mga mayayamang bansa sa daigdig<br>• Pagtatayo ng *Cultural Center of the Philippines, Philippine Heart Center, Development Academy of the Philippines, atbp.* |

**D**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Isulat ang titik ng bawat programa ng mga pangulo na matatagpuan sa ibaba. Isulat sa ang sagot sa sagutang papel.

a. Rebolusyong Luntian o *Green Revolution*
b. Pagsasaayos ng elektripikasyon
c. Pagpapagawa ng mga lansangan upang mapabilis ang kalakalan at transportasyon particular na ang *farm-to-market roads.*
d. Paglutas sa mga suliraning may kaugnayan sa pagkawala ng hanapbuhay ng maraming Pilipino
e. Pagpapabuti ng pagkolekta ng buwis
*f.* Pinagtibay ang *Land Tenure Reform Law*
*g.* Pagtitipid o paglulunsad ng *Austerity Program*
*h.* Paghahandog sa sarili bilang modelo sa katapatan sa paglilingkod
*i.* *Filipino First Policy o Pilipino Muna*
*j.* Paglalapit ng pamahalaan sa *"masa"*
k. Pagsasanay sa mga gawaing bokasyonal
l. Pagpapalabas ng Magna Carta of Labor at Minimum Wage Law

| Manuel A. Roxas | Elpidio R. Quirino | Ramon F. Magsaysay |
|---|---|---|

1. ____________ 3.____________ 5. ______________
2. ____________ 4. ____________ 6. ______________

| Carlos P. Garcia | Diosdado P. Macapagal | Ferdinand E. Marcos |
|---|---|---|

7. ____________ 9.____________ 11. ______________
8. ____________ 10. ____________ 12. ______________

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Suriing mabuti ang mga pangungusap at isulat ang titik **T** kung tama ang ipinapahayag sa mga programa na naitatag ng mga nakaraang administrasyon at **M kung mali.**

_____1. Si Ferdinand E. Marcos ang pangulong nagwikang "Ang Pilipinas ay magiging dakilang muli

_____2. Sa pangunguna ni Pang. Manuel A. Roxas, itinatag ang mga samahang magpapautang at mangangalaga sa kapakanan ng mga magsasaka.

_____3. Isa sa naging programa ni Pang. Ferdinand E. Marcos ang pagpapa tayo ng mga poso, artesyano at patubig upang mapabilis ang pag-unlad ng mga baryo.

_____4. Programa ni Pang. Diosdado Macapagal ang "Pilipino Muna".

_____5. Si Pang. Diosdado Macapagal ang umakay sa mga Pilipino at naging huwaran sa pamumuhay ng payak at walang halong karangyaan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Suriin muli ang tekstong binasa. Pumili ng isang sa mga programa ng mga administrasyon na tumatak sa iyong isipan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Isulat sa loob ng kahon ang mga programa at patakaran ng bawat pangulo. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Manuel A. Roxas (Abril 23, 1946 – Abril 15, 1948)

| |
|---|
| |

2.Elpidio R. Quirino (Abril 17, 1948-Nobyembre 1953)

| |
|---|
| |

3.Ramon F. Magsaysay (Disyembre 30, 1953-Marso 17, 1957)

| |
|---|
| |

4.Carlos P. Garcia (Marso 17, 1957-Disyembre 30, 1961)

| |
|---|
| |

5.Diosdado P. Macapagal (Disyembre 30, 1961-Disyembre 30, 1965)

| |
|---|
| |

6.Diosdado P. Macapagal (Disyembre 30, 1961-Disyembre 30, 1965)

| |
|---|
| |

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Natutunan ko ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa suliranin at hamon kinaharap ng mga Pilipino, kaya bilang mag-aaral ay ______________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
___________________________________________________________________.

WEEKS 7-8

# Pagpapahalaga at Pagtatanggol ng mga Pilipino sa Pambansang Interes

Aralin

I

Sa araling ito ay matututuhan at mapapahalagahan ang pagtatanggol ng mga Pilipino sa pambansang interes.

Kaya bilang mag–aaral, ikaw ay inaasahang naiisa-isa ang pagtatanggol ng mga Pilipino sa pambansang interes, natatalakay ang pagtatanggol ng mga Pilipino sa pambansang interes at, napahahalagahan ang pagtatanggol ng mga Pilipino sa pambansang interes.

**Pagpapahalaga at Pagtatanggol ng mga Pilipino sa Pambansang Interes**

Pambansang Interes ay ang karaniwang interes ng mga tao at ng buong bansa. Ito ay hindi pinaghihigpitan sa nilalaman sa patakarang panlabas sa makitid, teknikal na kahulugan ngunit sumusubok na bigyan pansin ang malawak na mga ideya at paraan kung saan nakakaapekto ang kultura at panlipunang pagkakaiba, mga makabagong teknolohiya, kasysayan at relihiyon sa pag-uugali.

May tatlong pakakakilanlan ang Pambansang Interes. Una ay ang sinasabing pisikal na interes ito ay nagpapanatili ng kalayaan, kapayapaan, at pagtatanggol sa teritoryo ng isang bansa. Ikalawa ay ang political hindi lamang tumutukoy sa kaayusang panlipunan, ngunit dapat ding tiyakin ang kasanayan at kasarinlan ng bansa at pagapapalaya sa sambayanan laban sa kahirapan. Ikatlo ay ang kultural ito ay ang pagpapanatili at pagkakalinlan ng mga Pilipino na dapat na taglayin ng mga mamamayan ng isang estado.

Para sa mga Pilipino ang pambansang interes ang nagtuturo ng lahat ng ispiritwal, moral, intelektwal, likas, pisikal at makataong kayamanan ay pag-aari ng mga Pilipino lamang at hindi ng kung sinupaman.Nararapat na ito ay nasa kumpletong kontrol, pag-aari at pamamahala ng mga tunay na PILIPINO.

Bilang mga Pilipino tayo ang dapat na maghari sa bansang PILIPINAS sa lahat ng aspeto hindi ang alipin sa sariling bayan, katulong at alila sa ibang bansa. Isang iskwater, walang sariling lupa samantalang pag-aari ng mga banyaga at simbahan ang mga magagandang lupain at espasyo sa mga lunsod at kanayunan.

Ang pambansang interes ay interes ng nakararaming mga magsasaka, manggagawa, propesyonal, negosyante, sundalo at hindi ng isang maliit na bahagi ng populasyon na nakikipagsabwatan sa mga dayuhan. Ang masa ng Sambayanang Pilipino ay siyang tumutugon sa pagiging PILIPINO.

Ang pambansang interes ay kinakailangan taglayin ng bawat Pilipino. Maging ang proseso ng lipunan tulad ng paghubog sa karakter, pag-uugali at personalidad, mula sa sinapupunan ng ina hanggang sa libingan ay dapat ipinagdidiinan ang pambansang interes. Kailangan maisingkaw sa sosyalisasyon ang kooperasyon at koordinasyon ng pamilya, simbahan, eskwelahan at gobyerno.

Kaya't bilang isang Pilipino kinakailangan mong ipatanngol ang pambasang interes ng bansa hubugin ang mga kabataan na magtayo ng isang malakas at maunlad na bansa. Sa pamamagitan lamang ng Pilipinismo magkakaroon ng kaganapan ang panagimpang ang Pilipinas ang siyang susunod na " milagrong pang-ekonomiko " sa Asya.. Gamitin natin at ipatupad ang ating soberanya laban sa sinumang nanghihimasok sa ating teritoryo.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Punan ang patlang ng tamang sagot. Isulat sa ang sagot sa sagutang papel.

1.Itinuturo ng ating pambansang interes bilang mga Pilipino na lahat ng ating ispirituwal, moral, intelektuwal, likas, pisikal at ________________ay pag-aari ng Pilipino lamang at hindi ng sinupaman.

2. Tinitiyak at tinutukoy ng pambansang interes ang teritoryong sakop ng Pilipinas pati na ang karagatan. Gamitin natin at ipatupad ang ating ________________laban sa sinumang nanghihimasok sa ating teritoryo.

3. Ang ____________ ang siyang dapat na maghari sa kanyang bayan sa lahat ng aspeto ng kanyang pambansang buhay

4. Ngayon siya ay alipin sa sariling bayan, "_________________", walang sariling lupa samantalang pag-aari ng mga dayuhan ang lahat ng magagandang lupain at puwesto sa mga lunsod at kanayunan.

5. Sa pamamagitan lamang ng Pilipinismo magkakaroon ng kaganapan ang panagimpang ang Pilipinas ang siyang susunod na " ___________ " sa Asya.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Magbigay ng limang (5) pambansang interes na nabanggit sa teksto . Isulat sa ang sagot sa sagutang papel.

1._____________________________

2._____________________________

3._____________________________

4._____________________________

5._____________________________

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gumupit ng larawan hinggil sa pagpapahalaga at pagtatanggol ng mga Pilipino sa pambansang interes. Talakayin ang nilalarwan ng larawan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Basahin ang mga pangungusap na nasa ibaba. Ipaliwanag kung paano mo pahahalagahan at ipagtatangol ang pambansang interes ng isang Pilipino. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| Ang Pilipino ay alipin sa sariling bayan, 'iskwater sa sariling bayan", walang sariling lupa samantalang pag-aari ng mga dayuhan ang lahat ng magagandang lupain at puwesto sa mga lungsod at kanayunan. |

________________________________________

________________________________________

________________________________________

| |
|---|
| Ang Pilipino ay taga-igib ng tubig at tagasibak ng kahoy sa sariling bayan, mga utusan, tsuper, hardinero, security guards at marami pang mabababa at di-makataong bagay o papel na ginagawa sa atin ng mga dayuhan. |

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sumulat ng isang tula na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pambansang interes ng bansa.

## A

Punan ang mga pangungusap ng mga natutuhan sa aralin.

Nalaman at natutunan ko ang pagtatanggol ng mga Pilipino sa pambansang interes kaya bilang isang mamamayang Pilipino papahalgahan ko ito sapamamagitan ng

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

___________________________________________________________.

CLMD

## Susi sa Pagwawasto

**Week 1**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**

1.Mali
2.Mali
3.Tama
4.Tama
5.Mali

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2-5**

Gagamit ang guro ng Rubriks sa pagtatama ng mga kasagutan.

**Week 2 - 3**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**

Gagamit ang guro ng Rubriks sa pagtatama ng mga kasagutan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

1.T
2.M
3.T
4.T
5.M

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

1. Suliraning Panlipunan
2. Pagbagsak ng Ekonomiya
3. Kapayapaan at Kaayusan
4. Kakapusan ng Pananalapi
5. Suliraning Panlipunan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5 –6**

Gagamit ang guro ng Rubriks sa pagtatama ng mga kasagutan.

**Week 4-5**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**

- Nasyonalidad
- pananalapi
- Pilipino
- Edukasyon
- Pagsasaka

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2-6**

Gagamit ang guro ng Rubriks sa pagtatama ng mga kasagutan.

**Week 6**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**

| | |
|---|---|
| 1. b | 7. g |
| 2. k | 8. i |
| 3. c | 9. d |
| 4. l | 10. h |
| 5. f | 11. a |
| 6. j | 12. c |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

1. T
2.M
3.M
4.M
5.T

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

Gagamit ang guro ng Rubriks sa pagtatama ng mga kasagutan.

**Week 7-8**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**

1. Makataong kayamanan
2. soberanya
3. pilipino
4. Iskwater sa sariling bayan
5. Milagrong pang-ekonomiya

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

Gawin sanggunian ang teksto sa pagtatama ng kasagutan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3-4**

Gagamit ang guro ng Rubrics sa pagtatama ng mga kasagutan

# PIVOT Assessment Card for Learners

### Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral



Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.

☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

### Gawain sa Pagkatuto

| Week 1 | LP | Week 2 | LP | Week 3 | LP | Week 4 | LP |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |
| **Week 5** | **LP** | **Week 6** | **LP** | **Week 7** | **LP** | **Week 8** | **LP** |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★,✓, ?.

## Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.*

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.*

*Magandang Pilipinas 6 dd. 247 – 248 Ang Pilipinas d. 200*

*Lakbay ng Lahing Pilipino 5 382-396*

*Lakbay ng Lahing Pilipino 5, p. 456-466*

K to 12 Curriculum Most Essential Learning Competencies in Araling Panlipunan.

Daloy ng Kasaysayan pp 216 - 225

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs